2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Tungkol sa Prerelease Procedure (Ano Ang Dapat Gawin Bago Lumabas)



## Mayroon bang paraan upang mag-aplay para sa mga benepisyo sa SSI bago ng aking inaasahang paglabas sa isang institusyon?

Ang prerelease procedure ay nagp**apahintulot sa iyong mag-aplay para sa mga benepisyo sa SSI at food stamps ilang buwan bago ng iyong inaasahang paglabas sa isang institusyon upang makapagsimula kaagad ang mga benepisyo pagkalabas mo. Hindi namin babayaran ang iyong mga benepisyo sa SSI kapag ikaw ay** nakatira sa isang pampublikong institusyon.

## Sino ang maaaring magbenepisyo sa prerelease procedure?

Magproproseso kami ng aplikasyon para sa iyo sa ilalim ng prerelease procedure kung ikaw ay:

- nasa isang institusyon (halimbawa, ospital, nursing home, preso, o bilangguan); at
- mukhang malamáng na matutupad mo ang mga kinakailangan upang maging kwalipikado para sa SSI kapag ikaw ay nakalabas mula sa institusyon; at
- ikaw ay inaasahang makakalabas **sa loob ng 30 araw** pagkatapos mong masabihan na ikaw ay maaaring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI.

## Paano gumagana ang prerelease procedure?

Maaaring may kasunduan sa prerelease ang institusyon at ang tanggapan ng Social Security sa iyong lugar. Gayunman, maaari kang mag-file ng isang aplikasyon para sa mga benepisyo sa SSI sa ilalim ng prerelease procedure kahit na walang may bisang kasunduan.

## Ano ang isang prerelease na kasunduan?

Ang isang prerelease na kasunduan ay maaaring pormal (isang nakasulat na kasunduan na pinirmahan ng parehong partido) o hindi pormal. Sa ilalim ng kasunduan, tinutulungan namin ang mga tauhan ng institusyon at social service (panlipunang serbisyo) na malaman ang prerelease procedure, at nagbibigay kami ng isang kontak na makakatulong sa institusyon na iaplay ang prerelease procedure.

**Sumasang-ayon ang institusyon na:**

- sabihin sa amin kung mukhang malamáng na matutupad mo ang mga pamantayan upang maging kwalipikado para sa SSI at maaari kang makalabas **sa loob ng 30 araw** pagkatapos masabihan ng posibleng pagiging kwalipikado para sa SSI;
- magbigay ng kasalukuyang medikal na ebidensiya at hindi-medikal na impormasyon na kinakailangan upang iproseso ang iyong claim;
- ibigay ang iyong inaasahang petsa ng paglabas at sabihin sa amin kung may anumang delay na maaaring magresulta sa isang mas nahuhuling petsa ng paglabas; at
- sabihin sa amin kapag ikaw ay nakalabas na.

**Sumasang-ayon kaming:**

- iproseso ang iyong claim o reinstatement sa pinakamadaling panahon; at
- sabihin kaagad sa institusyon ang pagtitiyak ng SSI.